

Sa mga napinsala ng sakuna ng sunog (Sanggunian para sa iba't ibang palakad atbp.)

Tinipon sa libretong ito ang buod tungkol sa mga palakad para sa pagkakaloob ng sertipiko, pagbabawas o pagpapalibre atbp. kung dumanas ng sakuna ng sunog. Ngunit hindi nasasaklaw ang lahat ng mga palakad atbp. sa mga bagay na nakasulat dito.

At dahil maaari ring magbago ang nilalaman ng nakasulat dito kaakibat ng rebisyon ng sistema atbp., hinihiling na antimanong magtanong sa tanggapan para sa pag-apply atbp.

Nilikha: Oktubre 2023

Public Relations and Investigation Section
Fire Prevention & Public Relations Division
Fire Operation Department
Higashiosaka City Fire Bureau
1-1-9 Inaba, Higashiosaka City

Nilalaman

Mga Palakad na Isinasagawa sa Lungsod ng Higashiosaka

Pahina

Pagkakaloob / Muling Pag-isyu ng Iba't Ibang Sertipiko

1	Pagkakaloob ng Sertipiko ng Pagkapinsala (<i>risai shōmeisho</i>)	1
2	Pag-isyu ng Sertipiko ng Residente (<i>jūminhyō</i>)	1
3	Pagbabago ng Rehistro ng Pantatak (<i>inkan tōroku</i>)	1
4	Muling Pagkakaloob ng My Number Card	2
5	Muling Pagkakaloob Medikal na Sertipiko (para sa mga bata, taong may malubhang kapansanan, pamilyang may nag-iisang magulang)	2
6	Muling pagkakaloob ng Basic Pension Number Notification	3
7	Muling Pagkakaloob ng Sertipiko ng Health Insurance	3
8	Muling Pag-isyu ng Special Permanent Resident Card	3
9	Muling Pagkakaloob ng Libreto ng Kalusugan ng Ina at Anak (<i>boshi kenkō techō</i>)	4

Mga Benepisyo / Insentibo

1	Ayuda sa pagpasok sa elementary at junior high school	4
2	Abuloy na salapi o bagay sa oras ng pagkakaroon ng sakuna ng sunog mula sa Japan Red Cross Society	4
3	Pagtira sa pampublikong pabahay tulad ng munisipal na pabahay atbp.	5
4	Pagpapautang ng pang-emergency na maliit na halaga ng pondo para sa pamumuhay	5
5	Pagpapautang ng living welfare fund ng Social Welfare Council	5
6	Pagsingil ng abuloy na salapi sa Fire Mutual Aid (para sa mga kasapi lamang) .	6

Pagbabawas o pagpapalibre

1	Pagbabawas o pagpapalibre ng bayad sa national health insurance	6
2	Pagbabawas o pagpapalibre ng bayad sa long-term care insurance	6
3	Pagbabawas o pagpapalibre ng bayad sa medical insurance para sa mga higit na matandang senior citizen	7
4	Pagbabawas o pagpapalibre ng bayad sa nursery (<i>hoikusho</i>) o certified center for early childhood education and care (<i>nintei kodomo-en</i>) o small childcare facilities (<i>shōkibo hoiku shisetsu</i>)	7
5	Pagbabawas o pagpapalibre ng municipal tax sa indibidwal	7
6	Pag-uulat ng municipal tax sa korporasyon at business office tax	8
7	Pagbabawas o pagpapalibre ng fixed assets tax	8
8	Eksepsyon ng pagtuturing bilang lupang pantirahan sa lote ng napinsalang tirahan	8
9	Pagbabawas o pagpapalibre ng bayad sa pagpoproseso ng basura mula sa sunog .	8

Iba pa

1	Tungkol sa palakad sa pagbabasura ng sasakyan	9
2	Iba't ibang konsultasyon sa dayuhang wika	9

Mga palakad na isinasagawa sa Osaka Prefecture

1	Pag-uulat ng prefectural tax / pag-extend ng takdang panahon ng pagbabayad atbp.	10
2	Pagbabawas o pagpapalibre ng business tax sa indibidwal	10
3	Pagbabawas o pagpapalibre ng buwis sa pagbili ng real estate	10
4	Pagsasauli / pagbabawas o pagpapalibre ng buwis sa sasakyan	10
5	Pagbabawas o pagpapalibre ng buwis sa pagbili ng sasakyan	10
6	Pagpapalaya sa obligasyon ng pagbabayad ng gas oil delivery tax	10
7	Pagbabawas o pagpapalibre ng prefectural tax sa indibidwal	10
8	Pagpapaliban ng pagbabayad ng buwis	10
9	Muling pag-isyu ng lisensya sa pagmamaneho	10

Mga palakad na isinasagawa sa pambansang pamahalaan

1	Pagpapagaan at pagpapalibre ng income tax batay sa Batas hinggil sa Pagbabawas o Pagpapalibre para sa Napinsala ng Sakuna	11
2	Pagbabawas para sa casualty loss	11

Mga palakad na isinasagawa sa iba pang institusyon (Pampublikong Serbisyo)

1	Telepono	11
2	Kuryente	11
3	Gas	11
4	Tubig	12

Mga Palakad na Isinasagawa sa Lungsod ng Higashiosaka

● Pagkakaloob / Muling Pag-isyu ng Iba't Ibang Sertipiko

1 Pagkakaloob ng Sertipiko ng Pagkapinsala (*risai shōmeisho*)

Ang mga nagsumite ng form ng pagpapahayag ng pinsala sa sunog sa Fire Prevention & Public Relations Division, Fire Operation Department ng Fire Bureau ay maaaring makatanggap ng sertipiko ng pinsala sa sakuna (*risai shōmeisho*) sa pamamagitan ng pag-aplay para dito mula sa parehong dibisyon. Kung may anumang katanungan, mangyaring makipag-ugnayan sa namamahala sa Public Relations and Investigation Section ng Fire Prevention & Public Relations Division.

[Para sa mga Katanungan]

Namamahala sa Public Relations and Investigation Section, Fire Prevention & Public Relations Division, Fire Operation Department 1-1-9 Inaba, Higashiosaka-shi TEL 072-966-9663

[Mga kinakailangang dokumento] Mga dokumento sa pagpapatunay ng pagkakakilanlan, application form para sa sertipiko ng kalamidad

Kung nais mong italaga sa iba ang aplikasyon, mangyaring magsumite ng 'power of attorney.'

*Maaaring kailanganin ang “Sertipiko ng Pagkapinsala (*risai shōmeisho*)” sa iba't ibang aplikasyon na nakasulat sa ibaba, aplikasyon sa fire insurance atbp.

2 Pag-isyu ng Sertipiko ng Residente (*jūminhyō*)

[Tanggapang Mag-iisyu] Resident Registration Division sa 2F ng City Hall o Administrative Service Center

[Para sa mga Katanungan]

Resident Registration Division, Citizen's Office of Civic Life Department TEL 06-4309-3132

*Kung may problema tulad ng walang dokumentong pang-identipikasyon atbp., mangyaring magtanong muna sa Resident Registration Division.

3 Pagbabago ng Rehistro ng Pantatak (*inkan tōroku*)

Para sa mga taong nawala o nasunog ang inirehistrong pantatak (*jitsu-in*) o sertipiko ng rehistro ng pantatak (*inkan tōrokusho*), mangyaring muling magrehistro sa tanggapang nakasulat sa ibaba. Mangyaring magtanong naman sa Resident Registration Division tungkol sa palakad para rito.

[Tanggapang Nangangasiwa]

Resident Registration Division sa 2F ng City Hall, mga Administrative Service Center

[Para sa mga Katanungan]

Resident Registration Division, Citizen's Office of Civic Life Department TEL 06-4309-3132

[Sanggunian] Higashiosaka City Hall 1-1-1 Aramoto-kita, Higashiosaka-shi

Administrative Service Centers

Kusaka	3-1-7 Kusaka-chō, Higashiosaka-shi	TEL 072-986-9282
Shijō	1-7 Minamishijō-chō, Higashiosaka-shi	TEL 072-988-3111
Naka-konoike	2-3-13 Nakakonoike-chō, Higashiosaka-shi	TEL 06-6747-1590
Wakae-Iwata Eki-mae	4-3-22 Iwata-chō, Higashiosaka-shi	TEL 072-967-6530
Kusune	1-12-12 Kusune, Higashiosaka-shi	TEL 06-6745-9144
Fuse Eki-mae	1-8-37 Chōdō, Higashiosaka-shi	TEL 06-6784-2000
Ōmidō	3-12-15 Ōmidō, Higashiosaka-shi	TEL 06-6730-5718

4 Muling Pagkakaloob ng My Number Card

Kakailanganin ang palakad ng pagpapawalang-bisa ng dating pinaghawakang My Number card bago gawin ang muling pagkakaloob.

[Tanggapang Mag-iisyu] Citizens Office sa City Hall Annex Building 1F

[Para sa mga Katanungan] Citizens Office, Citizens Affairs Department TEL 06-4309-3163

[Mga Kinakailangang Dokumento] Kailangan ang Sertipiko ng Pagkapinsala (*risai shōmeisho*) (orihinal), at dokumentong pang-identipikasyon, ngunit mangyaring magtanong muna sa Citizens Office.

*Hindi magagawa ang muling pag-isyu sa mga taong nawala o nasunog ang notification card ng My Number card. Mangyaring magtanong sa Tanggapan kaugnay sa Citizens Office tungkol sa mga detalye.

5 Muling Pagkakaloob Medikal na Sertipiko (para sa mga bata, taong may malubhang kapansanan, pamilyang may nag-iisang magulang)

Mangyaring mag-apply para sa muling pagkakaloob ang mga taong mayroong medikal na sertipikong nakasulat sa ibaba, at nawala o nasunog ang tinutukoy na medikal na sertipiko. Para lamang sa palakad sa oras ng muling pagkakaloob ang mga kinakailangang dokumentong nakasulat sa ibaba.

[Tanggapang Mag-iisyu] Medical Aid Division, Citizen's Affairs Department sa 3F ng City Hall o Administrative Service Center

(1) Medikal na Sertipiko ng Bata

(2) Medikal na Sertipiko ng Taong May Malubhang Kapansanan

(3) Medikal na Sertipiko ng Tahanan ng Nag-iisang Magulang

[Mga Kinakailangang Dokumento] Application form para sa muling pagkakaloob ng iba't ibang medikal na sertipiko, dokumentong pang-identipikasyon

[Para sa mga Katanungan] Medical Aid Division, Citizen's Affairs Department sa 3F ng City Hall o

Administrative Service Center TEL 06-4309-3166

6 Muling pagkaloob ng Basic Pension Number Notification

Kung nawala o nasunog ang iyong pension handbook o Basic Pension Number Notification, sundin ang mga hakbang upang maipagkaloob muli ang iyong Basic Pension Number Notification.

[Tanggapang Mag-iisyu] National Pension Division, Citizen's Affairs Department sa 3F ng City Hall

TEL 06-4309-3165

Higashiosaka Pension Office TEL 06-6722-6001

Administrative Service Center

Mangyaring magtanong sa numero para sa pakikipag-ugnayang nakasulat sa itaas ang kasapi sa Pambansang Pensyon.

Mangyaring magtanong sa lugar na pinagtatrabahuhan ang kasapi sa Welfare Pension.

[Mga Kinakailangang Dokumento] Dokumentong pang-identipikasyon

7 Muling Pagkaloob ng Sertipiko ng Health Insurance

Kung nawala o nasunog ang National Health Insurance card o medical insurance card para sa matatanda, mangyaring kumpletuhin ang mga hakbang upang maipagkaloob itong muli.

[Tanggapan Kung Saan Mag-apply] Qualification & Benefit Division, Citizen's Affairs Department,

sa 2F ng City Hall TEL 06-4309-3167

Administrative Service Center

Para sa matatandang miyembro ng National Health Insurance at medical insurance card, mangyaring makipag-ugnayan sa service center sa itaas.

Para sa miyembro sa social insurance mangyaring magtanong sa lugar na pinagtatrabahuhan

[Mga Kinakailangang Dokumento] Dokumentong pang-identipikasyon

8 Muling Pag-isyu ng Special Permanent Resident Card

Mangyaring magsagawa ng palakad para sa muling pagkaloob ang mga taong nawala o nasunog ang special permanent resident card.

[Tanggapang Mag-iisyu] Resident Registration Division, Citizen's Office of Civic Life Department sa

2F ng City Hall o Administrative Service Center

[Para sa mga Katanungan] Resident Registration Division, Citizen's Office of Civic Life Department

sa 2F ng City Hall TEL06-4309-3164

[Mga Kinakailangang Dokumento] Sertipiko ng Pagkapinsala (*risai shōmeisho*) (orihinal), litrato (taas 40mm, lapad 30mm), pasaporte (sa loob ng panahon ng bisa)

[Panahon ng Pagtanggap] Sa loob ng 14 na araw mula sa araw na napinsala ng sakuna

*Tungkol sa residence card na pinaghahawakan ng taong naninirahan sa Japan sa loob ng matagal-tagal o matagal na panahon, mangyaring magtanong sa Kawanihan ng Imigrasyon ng Osaka (06-4703-2100).

9 Muling Pagkakaloob ng Libreto ng Kalusugan ng Ina at Anak (*boshi kenkō techō*)

Mangyaring magsagawa ng palakad para sa muling pag-isyu ang mga taong nawala o nasunog ang libreto ng kalusugan ng ina at anak (*boshi kenkō techō*).

[Tanggapang Mag-iisyu]

Mga Public Health Center	Higashi Public Health Center	TEL 072-982-2603
	Naka Public Health Center	TEL 072-965-6411
	Nishi Public Health Center	TEL 06-6788-0085

[Mga Kinakailangang Dokumento] Dokumentong pang-identipikasyon

● Mga Benepisyo / Insentibo

1 Ayuda sa Pagpasok sa Elementary o Junior High School

Kung nagsagawa ng aplikasyon at tumanggap ng pag-apruba, maaaring tumanggap ng ayudang nakasulat sa ibaba. (Ssakop mula sa buwan ng pag-apruba)

- (1) Gastusin sa paghahanda sa pagpasok sa paaralan
- (2) Gastusin sa mga kagamitan sa paaralan atbp.
- (3) Gastusin sa tanghalian sa paaralan
- (4) Gastusin sa camp sa tabing-dagat / bundok o talampas
- (5) Gastusin sa field trip

[Tanggapan para sa Aplikasyon at mga Katanungan]

School Affairs Division, School Education Department, Board of Education, sa 17F ng City Hall

TEL 06-4309-3272

[Mga Kinakailangang Dokumento]

Application form para sa Pagtanggap ng Ayuda sa Pagpasok sa Paaralan, Sertipiko ng Pagkapinsala (*risai shōmeisho*) (orihinal), dokumentong pang-identipikasyon

2 Abuloy na salapi o bagay sa oras ng pagkakaroon ng sakuna ng sunog mula sa Japan Red Cross Society

Kung miyembro ng samahan ng mga residente (*jichikai*) ang taong napinsala, at mag-apply nang pasalita ang pinuno ng samahan ng mga residente sa kapisanan ng distritong pampaaralan, maaaring tumanggap ng ayuda ng abuloy na bagay, salapi ng pakikiramay, abuloy na salapi atbp. Hindi sakop

kung hindi miyembro ng samahan ng mga residente.

[Para sa mga Katanungan] Sentro ng mga Aktibidad ng mga Boluntaryo / Residente ng Social Welfare Council ng Lungsod ng Higashiosaka TEL 06-6789-7204

3 Pagtira sa pampublikong pabahay tulad ng munisipal na pabahay atbp.

Kapag nawalan ng bahay dahil sa sakuna ng sunog atbp. ang taong nakatira sa loob ng lungsod, maaaring tumira nang hanggang 3 buwan sa munisipal na pabahay hanggang makahanap ng susunod na tirahan. Subalit hindi kasama ang taong naging sanhi (pinagmulan ng sunog atbp.).

[Para sa mga Katanungan]

Sentro ng Pangangasiwa sa Munisipal na Pabahay ng Lungsod ng Higashiosaka TEL 06-6788-8001

[Mga Kinakailangang Dokumento]

Sertipiko ng Residente (*jūminhyō*), Sertipiko ng Pagkapinsala (*risai shōmeisho*) (maaari ang kopya), kasulatan ng panunumpa, iba pang kinakailangang dokumento, dokumentong pang-identipikasyon

[Takdang Panahon ng Pagtanggap] Sa loob ng 10 araw mula sa araw na napinsala

4 Pagpapautang ng pang-emergency na maliit na halaga ng pondo para sa pamumuhay

Sa taong tumira nang 3 buwan o higit pa sa loob ng lungsod at nangangailangan ng pondo para sa pamumuhay dahil sa sakuna ng sunog atbp., maaaring tumanggap ng pagpapautang na hanggang 70,000 yen para sa 1 sambahayan. Mayroon namang mga takdang kondisyon tulad ng suweldo, guarantor o tagapanagot atbp.

[Tanggapan para sa Aplikasyon at mga Katanungan]

Mga Welfare Office	Higashi Welfare Office	TEL 072-988-6616
	Naka Welfare Office	TEL 072-960-9270
	Nishi Welfare Office	TEL 06-6784-7942

Livelihood Support Division, Livelihood Welfare Office of Livelihood Support Department sa 8F ng City Hall

TEL 06-4309-3182

[Mga Kinakailangang Dokumento]

Kakailanganin ang Sertipiko ng Pagkapinsala (*risai shōmeisho*) (orihinal), dokumentong pang-identipikasyon atbp., ngunit mangyaring magtanong muna sa kinauukulang welfare office.

5 Pagpapautang ng living welfare fund ng Social Welfare Council

Mayroong pagpapautang sa mga taong mababa ang suweldo ng gastusing kakailanganin pansamantala para sa pagsasarili sa panahon ng sakuna. Para rito, kakailanganin ang Sertipiko ng Pagkapinsala (*risai shōmeisho*) at dokumentong pang-identipikasyon, at mayroong mga kondisyon tulad ng suweldo at iba pa.

[Tanggapan para sa Aplikasyon at mga Katanungan]

Social Welfare Council ng Lungsod ng Higashiosaka TEL 06-6789-7201

6 Pagsingil ng abuloy na salapi sa Fire Mutual Aid (para sa mga kasapi lamang)

Maaaring sumingil ang taong kasapi sa Fire Mutual Aid ng abuloy na salapi ayon sa antas ng pinsala sa tirahang nangyari dahil sa sakuna ng sunog. Sa loob ng 1 taon mula sa araw na nagkaroon ng sakuna ng sunog ang panahon ng pagsingil.

[Tanggapan para sa Aplikasyon at mga Katanungan] General Affairs Division, General Affairs Office of Citizens Affairs Department sa 5F ng City Hall TEL 06-4309-3158

[Mga Kinakailangang Dokumento] Sertipiko ng Pagkapinsala (*risai shōmeisho*) (orihinal), dokumentong pang-identipikasyon, Membership card at resibo (kung mayroon),

* Hindi maibibigay ang abuloy na salapi sa pinsalang dulot ng sadya o malubhang pagpapabaya, pinsalang dulot ng likas na sakuna tulad ng lindol atbp. Mangyaring magtanong sa General Affairs Division, General Affairs Office of Citizens Affairs Department para sa mga detalye.

● Pagbabawas o pagpapalibre

1 Pagbabawas o pagpapalibre ng bayad sa national health insurance

Maaaring mabawasan o malibre ang bayad sa insurance ng kasapi sa national health insurance depende sa antas ng pinsala.

[Tanggapan para sa Aplikasyon]

Premium Division of Medical Insurance Office sa 2F ng City Hall TEL 06-4309-3168 (trunk line)

[Mga Kinakailangang Dokumento] Sertipiko ng Pagkapinsala (*risai shōmeisho*) (maaari ang kopya), application form para sa pagbabawas o pagpapalibre ng bayad sa national health insurance, sertipiko ng taong naka-insure sa national health insurance, dokumentong pang-identipikasyon

[Panahon ng Pagtanggap] Sa patakaran, sa loob ng 12 buwan na kakalkulahin mula sa buwan ng araw kung kailan nagkaroon ng sakuna ng sunog

2 Pagbabawas o pagpapalibre ng bayad sa long-term care insurance

Maaaring mabawasan o malibre ang bayad sa long-term care insurance ayon sa antas ng pinsala.

[Panahon ng Pagtanggap] Sa loob ng 6 na buwan na kakalkulahin mula sa araw na kasunod ng araw kung kailan nagkaroon ng sakuna ng sunog

Mga taong sakop	Tanggapan para sa Aplikasyon	Mga Kinakailangang Dokumento
-----------------	------------------------------	------------------------------

Taong 65 taong gulang pataas	Welfare for the aged & Nursing Care Division sa 9F ng City Hall TEL 06-4309-3188	Sertipiko ng Pagkapinsala (<i>risai shōmeisho</i>) (maaari ang kopya) Application form para sa pagbabawas o pagpapalibre ng bayad sa long-term care insurance (kailangan ang kopya ng application form para sa taong mag-aapply para sa pagbabawas o pagpapalibre ng fixed assets tax) Dokumentong pang-identipikasyon
------------------------------	---	--

3 Pagbabawas o pagpapalibre ng bayad sa medical insurance para sa mga higit na matandang senior citizen

Maaaring mabawasan o malibre ang bayad sa insurance ng kasapi sa medical insurance para sa mga higit na matandang senior citizen depende sa antas ng pinsala.

[Tanggapan para sa Aplikasyon]

Premium Division of Medical Insurance Office, Citizens Affairs Department sa 2F ng City Hall

TEL 06-4309-3168

[Mga Kinakailangang Dokumento] Sertipiko ng Pagkapinsala (*risai shōmeisho*) (maaari ang kopya), application form para sa pagbabawas o pagpapalibre ng bayad sa medical insurance para sa mga higit na matandang senior citizen, sertipiko ng taong naka-insure sa medical insurance para sa mga higit na matandang senior citizen, dokumentong pang-identipikasyon

[Panahon ng Pagtanggap] Sa loob ng 1 taon mula sa buwang kasunod ng araw ng pagkapinsala

4 Pagbabawas o pagpapalibre ng bayad sa day care sa nursery (*hoikusho*) o certified center for early childhood education and care (*nintei kodomo-en*) o sa small childcare facilities (*shōkibo hoiku shisetsu*)

Maaaring tumanggap ng pagbabawas o pagpapalibre ng bayad sa day care ayon sa antas ng pinsala. Mangyaring magtanong sa Facility Benefit Division para sa mga detalye. Hindi sakop dito ang pribadong kindergarten (*yōchien*).

[Tanggapan para sa Aplikasyon]

Facility Benefit Division, Child-rearing Support Office of Child Affairs Department sa 7F ng City Hall

TEL 06-4309-3195

[Mga Kinakailangang Dokumento]

Application form para sa pagbabawas o pagpapalibre ng bayad sa day care, Sertipiko ng Pagkapinsala (*risai shōmeisho*) (maaari ang kopya), dokumentong pang-identipikasyon

5 Pagbabawas o pagpapalibre ng municipal tax sa indibidwal

Maaaring mabawasan o malibre ang halaga ng buwis ayon sa antas ng pinsala at halaga ng suweldo. Mangyaring magtanong sa Municipal Tax Division para sa mga detalye.

[Tanggapan para sa Aplikasyon]

Municipal Tax Division, Tax Department sa 3F ng City Hall TEL 06-4309-3135

[Mga Kinakailangang Dokumento] Application form, Sertipiko ng Pagkapinsala (*risai shōmeisho*) (maaari ang kopya), dokumentong pang-identipikasyon

6 Pag-uulat ng municipal tax sa korporasyon at business office tax

Kung may panahong nagsara ang iyong negosyo dahil sa sakuna, atbp., maaaring mabawasan ang halaga ng buwis na babayaran. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa Corporation Municipal Tax Section, Tax System Division.

[Tanggapan para sa Aplikasyon] Corporation Municipal Tax Section, Tax System Division, Tax Department sa 3F ng City Hall TEL 06-4309-3133

[Mga Kinakailangang Dokumento] Notification form para sa pagbabago sa korporasyon

7 Pagbabawas o pagpapalibre ng fixed assets tax

Maaaring mabawasan o malibre kung napinsala ng sakuna ang bahay atbp.

[Tanggapan para sa Aplikasyon]

Fixed Assets Tax Division, Tax Department sa 3F ng City Hall TEL 06-4309-3140

[Mga Kinakailangang Dokumento]

Application form para sa pagbabawas o pagpapalibre ng fixed assets tax, Sertipiko ng Pagkapinsala (*risai shōmeisho*) (maaari ang kopya), dokumentong pang-identipikasyon

8 Eksepsyon ng pagtuturing bilang lupang pantirahan sa lote ng napinsalang tirahan

Kung giniba ang tirahang nawasak / nasira dahil sa sakuna atbp., at tumanggap ng eksepsyon bilang lupang pantirahan sa lote bago ng pinsala ng sakuna, maaaring patuloy na ituring bilang lupang pantirahan sa takdang panahon.

[Tanggapan para sa Aplikasyon]

Fixed Assets Tax Division, Tax Department sa 3F ng City Hall TEL 06-4309-3140

[Mga Kinakailangang Dokumento]

Declaration form para sa (pagpapatupad / pagkansela ng) eksepsyon ng pagtuturing bilang lupang pantirahan kaugnay sa sakuna ng lindol atbp., dokumentong pang-identipikasyon

9 Pagbabawas o pagpapalibre ng bayad sa pagpoproseso ng basura mula sa sunog

Sa mga basurang nalikha dahil sa sakuna ng sunog, maaaring dalhin at iproseso ang mga karaniwang

basura tulad ng mga kasangkapang pambahay at iba pa sa Higashiosaka Union of Cleaning Facilities. Sa ganitong kaso, maaaring tumanggap ng pagbabawas o pagpapalibre ng gastusing magmumula sa Higashiosaka Union of Cleaning Facilities para sa pagpoproseso ng basurang dinala.

Mangyaring magtanong sa Higashiosaka Union of Cleaning Facilities tungkol sa palakad ng pagdadala o pagpoproseso ng basura liban sa kasangkapang pambahay at iba pa.

[Tanggapan para sa Aplikasyon]

Higashiosaka Union of Cleaning Facilities TEL: 072-962-6021

[Mga Kinakailangang Dokumento]

Sertipiko ng Pagkapinsala (*risai shōmeisho*) (orihinal), Sertipiko ng inspeksyon ng sasakyan ng sasakyang gagamitin sa paghahakot ng basura, pantatak (*inkan*), dokumentong pang-identipikasyon

● Iba pa

1 Tungkol sa palakad sa pagbabasura ng sasakyan

Mangyaring magtanong kung magbabasura ng scooter (125cc pababa).

[Tanggapan para sa Aplikasyon] Light Vehicle (*keijidōsha*) Tax Section, Tax System Division, Tax Department sa City Hall 3F TEL 06-4309-3134

[Mga Kinakailangang Dokumento] Numero ng plaka, Dokumentong pang-identipikasyon

*Kung magbabasura ng magaanng sasakyan (*keijidōsha*) (liban sa dalawang gulong na magaanng sasakyan), mangyaring sanggunian ang website ng Light Motor Vehicle Inspection Organization, at magtanong sa tanggapanng sumasaklaw sa tinutukoy na plate number.

*Kung magbabasura ng iba pang sasakyan, mangyaring sanggunian ang website ng Osaka Transport Branch Office ng Kinki District Transport Bureau TEL 050-5540-2058

2 Iba't ibang konsultasyon sa dayuhang wika

Bukod sa konsultasyon sa 5 wika kasama ng wikang Hapon, Ingles, Koreano, Intsik at Vietnamese, maaari ring magkonsulta sa ibang wika gamit ang instrumentong pang-translate.

Para sa taong kailangan ng tagapagsalin, mangyaring magtanong sa Multicultural Information Plaza.


[Tanggapan para sa Konsultasyon]

Multicultural Information Plaza, Multicultural Information and Gender Equality Division of Human Rights and Cultural Department sa City Hall 16F TEL 06-4309-3311

*Konsultasyon sa Vietnamese Tuwing Martes at Biyernes 10:00 am - 5:30 pm

Mga palakad na isinasagawa sa Osaka Prefecture

- 1 Pag-uulat ng prefectural tax / pag-extend ng takdang panahon ng pagbabayad atbp.
- 2 Pagbabawas o pagpapalibre ng business tax sa indibidwal
- 3 Pagbabawas o pagpapalibre ng buwis sa pagbili ng real estate
- 4 Pagsasauli / pagbabawas o pagpapalibre ng buwis sa sasakyan
- 5 Pagbabawas o pagpapalibre ng pagbili ng sasakyan
- 6 Pagpapalaya sa obligasyon ng pagbabayad ng gas oil delivery tax
- 7 Pagbabawas o pagpapalibre ng prefectural tax sa indibidwal
- 8 Pagpapaliban ng pagbabayad ng buwis



Mangyaring tiyakin sa pinakamalapit na Tanggapan ng Prefectural Tax o sa website ng Osaka Prefectural Government.

Nakakawachi Prefectural Tax Office

4-1-16 Mikuriyasakae-machi, Higashiosaka-shi TEL 06-6789-1221

災害による被災者に対する府税の軽減措置等について
(Tungkol sa mga hakbang ng pagpapagaan atbp. ng
prefectural tax sa mga taong napinsala ng sakuna)

🔍 検索
(Hanapin)

9 Muling pag-isyu ng lisensya sa pagmamaneho

Mga taong nasunog o nawala ang lisensya sa pagmamaneho

[Tanggapan] Mga police station, Driver's License Examination Office

Kadoma Driver's License Examination Office	23-16 Ichiban-chō, Kadoma-shi	TEL 06-6908-9121
Kōmyōike Driver's License Examination Office	5-13-1 Fuseya-chō, Izumi-shi	TEL 0725-56-1881
Hiraoka Police Station	1-8 Sakura-machi, Higashiosaka-shi	TEL 072-987-1234
Kawachi Police Station	1-7-1 Inaba, Higashiosaka-shi	TEL 072-965-1234
Fuse Police Station	4-1-48 Shimo-kosaka, Higashiosaka-shi	TEL 06-6727-1234

Mga palakad na isinasagawa sa pambansang pamahalaan

- 1 Pagpapagaan at pagpapalibre ng income tax batay sa Batas hinggil sa Pagbabawas o Pagpapalibre para sa Napinsala ng Sakuna
- 2 Pagbabawas para sa casualty loss
Mangyaring tiyakin sa pinakamalapit na Tanggapan ng Buwis (*zeimusho*) o sa website ng National Tax Agency (*kokuzeichō*).

[Tanggapan]

Tanggapan ng Buwis ng Higashiosaka 2-3-8 Eiwa, Higashiosaka-shi TEL 06-6724-0001

災害減免法
(Batas hinggil sa Pagbabawas o Pagpapalibre para sa Napinsala ng Sakuna)

🔍 検索
(Hanapin)

雑損控除
(Pagbabawas para sa casualty loss)

🔍 検索
(Hanapin)

Mga palakad na isinasagawa sa iba pang institusyon (Pamublikong Serbisyo)

- 1 Telepono
Mangyaring makipag-ugnayan sa NTT para sa pag-repair o paglipat. Numerong 113 ang para sa pakikipag-ugnayan kapag nasira ang telepono.
- 2 Kuryente
Sa pangkalahatan, magsasagawa ng pagputol ng kuryente kapag nagkaroon ng sakuna ng sunog. Mangyaring makipag-ugnayan sa Kansai Electric Power Company kung kaunti ang pinsala ng sunog sa gusali at nais maibalik kaagad ang kuryente. Titiyakin muna kung may short circuit o wala, at ibabalik kung ligtas, o kung may hindi normal tulad ng short circuit atbp., sundin ang tagubilin ng Kansai Electric Power Company at mangyaring ipakiusap ang pag-repair ng wiring sa elektrisyan.
Tungkol sa gusaling malubha ang pinsala ng sunog, pupunta ang tauhan ng Kansai Electric Power Company para tanggalin ang metro at linyang nakakonekta sa poste ng kuryente ilang araw pagkatapos mangyari ang sunog. Kung nais ipabalik muli ang kuryente pagkatapos ng muling pagtatayo atbp., makipag-ugnayan din sa Kansai Electric Power Company.
Kansai Electric Power Transmission and Distribution Co., Ltd. Power Transmission and Distribution Contact Center TEL 0800-777-8023
- 3 Gas
Katulad ng kuryente, sa pangkalahatan, magsasagawa ng pagsara ng gas kapag nagkaroon ng sakuna ng sunog. Mangyaring makipag-ugnayan sa kumpanya ng gas kaugnay sa pagbalik ng gas pagkatapos noon.

[City Gas] Osaka Gas TEL 0120-5-94817

[Propane Gas] Mangyaring makipag-ugnayan sa nagtutustos na kumpanya ng gas.

4 Tubig

Mangyaring tumawag sa Kawanihan ng Patubig sa lalong madaling panahon kapag hindi magamit ang serbisyo ng patubig.

Namamahala sa Pagbubukas at Pagsasara, Dibisyon ng Serbisyo sa Kostumer, Kawanihan ng Patubig at Alkantarilta ng Lungsod ng Higashiosaka TEL 06-6724-1221